Ito ay isang MAHALAGANG MENSAHE PANGKALUSUGAN tungkol sa mga bakuna ng inyong anak

Basahin ang mensaheng ito kung kayo ay nakatanggap ng sulat mula sa Kalusugang Pampubliko ng Peel o *Peel Public Health* ng tungkol sa mga bakuna ng inyong anak.

Ayon sa batas, kailangan ng Kalusugang Pampubliko ng Peel ang ebidensya at impormasyon sa mga bakuna ng inyong anak ayon sa rekord ng pagpapabakuna ng Ontario. Basahin ang mensaheng ito kung walang rekord ng mga pagpapabakuna ng inyong anak ang Kalusugang Pampubliko ng Peel o hindi sapat na bakuna ang nakasaad sa rekord ng inyong anak para sa Ontario.

Hindi iniuulat ng inyong pampamilyang doktor ang impormasyon ng mga bakuna ng inyong anak sa Kalusugang Pampubliko ng Peel. Bilang magulang (o tagapag-alaga) kailangan ninyong iulat sa amin ang mga rekord ng bakuna ng inyong anak.

MGA KAILANGANG BAKUNA

Ang mga batang nakababata mula sa edad 18 ay kailangang mabigyan ng bakunang pambata at mga iniksyong pampasigla para sa:

- Dipterya
- Polyo
- Tetano (kilala rin bilang paninigas ng panga)
- Tigdas
- Baiki
- Rubela (kilala rin bilang tigdas Alemanya o *German measles*)

Kailangan ng mga bata ang tamang mga bakuna sa tamang panahon.

ANG PAGBIBIGAY NG MGA REKORD NG BAKUNA NG INYONG ANAK

Kung kumpleto na ang mga bakuna ng inyong anak, ipagbigay alam agad ito sa Kalusugang Pampubliko ng Peel sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan:

- **Tumawag sa amin sa 905-799-7700**. Maaari kaming makapagkaloob ng isang interpreter kung inyong kailangan. Kung kayo ay naninirahan sa Caledon, tumawag sa 905-584-2216.
- **Ang on-line** sa www.immunizepeel.ca
- **Ipadala sa pamamagitan ng koreo o iabot ng personal sa:**

  Immunization Records
  Peel Public Health
  7120 Hurontario Street
  P.O. Box 630
  Mississauga, ON L5M 2C5

Siguruhing kopya lamang ang inyong ipadadala – hindi ang orihinal na dokumento – kung inyong ipadadala ang mga rekord sa pamamagitan ng koreo. Kung inyong iaabot ng personal, dalhin ang mga orihinal na dokumento at aming ipakokopya ang mga ito para sa aming rekord.

ANG PAGKUMPLETO NG MGA BAKUNA NG INYONG ANAK

Kung ang inyong anak ay kailangang mabakunahan:

1) Makipagkita sa inyong duktor para sa bakuna o magtungo sa isang malapit na klinika.
2) Matapos mapabakunahan ang inyong anak, **ipadala agad ang mga impormasyon sa Kalusugang Pampubliko ng Peel.**

PAHINTULOT SA PAGPASOK SA PAARALAN

Ang mga mag-aaral na hindi kumpleto ang mga bakuna ay **maaaring hindi papasukin sa paaralan.** Ang Kalusugang Pampubliko ng Peel ay tutulong sa inyo sa pagkumpleto ng mga rekord ng inyong anak upang maiwasan ang pangyayaring ito. Ang sulat na inyong natanggap mula sa koreo ay magkakaloob sa inyo ng takdang petsa para sa pagkuha ng mga impormasyon tungkol sa bakuna ng inyong anak upang ipagkaloob ito sa Kalusugang Pampubliko ng Peel.

MGA REKORD NG BAKUNA MULA SA LABAS NG CANADA

Ang Kalusugang Pampubliko ng Peel ay tutulong na maisalin sa wikang Ingles ng libre ang mga rekord ng mga bakuna ng mga mag-aaral. Tumawag sa amin sa 905-799-7700 upang maisagawa ang pagsasaling-wika ng rekord ng inyong anak. Kung kayo ay naninirahan sa Caledon, tumawag sa 905-584-2216.

WALANG OHIP KARD?

Kung ang inyong anak ay walang Kard Pangkalusugan ng Ontario o *Ontario Health Card* (OHIP), mababakunahan namin siya ng libre.

Tumawag sa Kalusugang Pampubliko ng Peel sa 905-799-7700 at magtakda ng panahon sa pakikipagkita. Kung kayo ay naninirahan sa Caledon, tumawag sa 905-584-2216.

PINANGANGALAGAAN NG MGA BAKUNA ANG INYONG ANAK

- Pinangangalagaan ng mga bakuna ang mga bata mula sa mga malubha at mga nakahahawang sakit.
- Habambuhay ninyong patuloy na pabakunahan ang inyong anak.
- Ipadala ang mga rekord ng mga bakuna ng inyong anak sa Kalusugang Pampubliko ng Peel sa tuwing magpapabakuna ito.

Kung kayo ay mayroong mga katanungan, tumawag sa amin sa **905-799-7700**. Kung kayo ay naninirahan sa Caledon, tumawag sa 905-584-2216. Maaari kaming makapagkaloob ng isang interpreter kung inyong kailangan. Sabihin sa ahente ang kailangan ninyong wika at ang ahenteng ito ay iuugnay kayo sa isang interpreter para sa inyong wika.

Salamat sa inyo.

Pangkat para sa Mga Rekord ng Bakuna o Immunization Records Team
Kalusugang Pampubliko ng Peel

Region of Peel
Working for you
Public Health